



Mula sa panayam kay **Paolo Gerero** (manlililok mula sa Daet, Camarines Norte)

1. Patuloy ang paglago ng sining at kultura sa Bikol sa kabila ng hagupit ng pandemya. Katulad ng halaman na tinigpasan ng tangkay, nagkaroon ito ng mga lateral na usbong sa mundong birtwal. Patunay dito ang migrasyon ng mga aktibidad na dating eksklusibong ginagawa nang harapan patungo sa espasyo ng Internet - mga eksibit ng likhang sining, mga zine, dula, at iba pa.

2. Malaking bahagi pa rin ng mga alagad ng sining ang lubog sa kumunoy ng patriakiya. Kailangan pa ng mas higit na paggiit sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng kasarian, lalo na sa mga lugar katulad ng sa atin, na pugad pa rin ng cisheteropatriarkal na kaisipan. Subalit unti-unti nang nagkakaroon ng pagmuklat at paghangos, lalo na sa mga alagad ng sining na nasa komunidad ng LGBTQIA+. Sa tingin ko, sa komunidad na ito magmumula ang pag-usbong ng kamalayan sa importansya ng babae - lahat ng uri ng babae - sa sining at kultura.

3. Isa sa mga hakbang na kasalikuyang ginagawa ko at ng Korsakri Art Space para sa pagpapalawig at pagpapalalim ng usapin tungkol sa feminis mong interseksyunal ay ang pagbuo ng isang eksibit ng mga obra ng LGBTQIA+ na alagad ng sining na matutunghayan ngayong Pride Month sa Korsakri. Wala pa akong nababalitaang eksibit na kagaya nito sa Bikol - bagamat may espasyo palagi para sa mga manlilikha at obrang queer sa karamihan ng mga pagtatanghal ng sining biswal sa rehiyon, wala pa akong nabalitaang eksklusibong pagtatanghal ng mga manlilikhang queer, kung saan ang kanilang boses ay hindi lamang bahagi, kundi pokus mismo ng gawain.

4. Samantalahin natin ang kasalukuyang klima ng pagiging dependent ng karamihan sa teknolohiya upang maipalaganap ang feminis mong interseksyunal sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga likhang sining, literatura, dula, musika, at iba pang likha tungkol at para sa kababaihan, kalayaan, at pagkakapantay-pantay. Bigyan natin ng espasyo ang mga boses na matagal nang pilit binubusalan upang maibahagi ang kanilang istorya.